

FAQ ng SB43



LOS ANGELES COUNTY
DEPARTMENT OF
MENTAL HEALTH
hope. recovery. wellbeing.



COUNTY OF LOS ANGELES
Public Health
Substance Abuse Prevention and Control

Ano ang Senate Bill 43?

Pinagtibay at nilagdaan noong 2023 ang Senate Bill 43 para i-update ang mga batas ng California sa pagiging konserbador sa unang pagkakataon sa mahigit 50 taon. Pinalalawak ng panukalang batas ang awtoridad ng Lanterman-Petris-Short (LPS) Act, na namamahala sa hindi boluntaryong detensyon, paggamot at pagiging konserbador ng mga taong may kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali.

Ang batas, na magkakabisa sa Enero 2026 sa County ng Los Angeles, ay nagpapalawak ng kahulugan ng "may matinding kapansanan."

Kasama na ngayon sa matinding kapansanan ang mga taong may sakit sa kalusugan ng pag-iisip, isang malubhang karamdaman sa paggamit ng kontroladong kemikal, o magkasabay na sakit sa kalusugan ng pag-iisip at malubhang karamdaman sa paggamit ng kontroladong kemikal na walang kakayahang tugunan ang kanilang mga pangunahing personal na pangangailangan para sa pagkain, pananamit, tirahan, personal na kaligtasan o kinakailangang pangangalagang medikal.

Pinapalawak din ng SB 43 ang hanay ng testimonya na maaaring isumite sa mga paglilitis sa pagiging konserbador, na nag-aatas sa mga county na isaalang-alang ang hindi masyadong mahigpit na mga alternatibo kapag nagsasagawa ng mga pag-iimbestiga sa pagiging konserbador, at pinapalawak ang mga kinakailangan sa pag-uulat sa estado.

Ano ang Lanterman-Petris-Short (LPS) Act?

Ang LPS Act ay isang batas ng California noong 1967 na namamahala sa hindi boluntaryong detensyon, paggamot at pagiging konserbador ng mga taong may kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali. Ang batas ay nagtagag ng isang sistema ng panandalian, hindi boluntaryong pag-hold sa mga itinalagang pasilidad at nagtakda ng mga kinakailangan para sa landas patungo sa pansamantala at permanenteng konserbador.

Mga pamantayan at halimbawa ng matinding kapansanan

Ang bagong kahulugan ng "matinding kapansanan" ay nangangailangan ng tiyak na pamantayan na tutugunan. Ang isang tao, bilang resulta ng isang may sakit sa kalusugan ng pag-iisip, isang malubhang karamdaman sa paggamit ng kontroladong kemikal, o magkasabay na sakit sa kalusugan ng pag-iisip at malubhang karamdaman sa paggamit ng kontroladong kemikal, ay dapat na walang kakayahang tugunan ang kanilang mga pangunahing personal na pangangailangan para sa pagkain, pananamit, tirahan, personal na kaligtasan o kinakailangang pangangalagang medikal.

Kasama sa mga halimbawa ang:

- Personal na Kaligtasan: Ang kawalan ng kakayahang mabuhay nang ligtas sa komunidad nang walang hindi boluntaryong detensyon:
 - Paglagay sa sarili sa kapahamakan sa daan o trapiko.
 - Isang indibidwal na walang kakayahang ipagtanggol ang kanilang sarili laban sa patuloy na pambibiktima dahil sa kawalan ng kamalayan sa kanilang kahinaan na nagpapakita ng napipintong panganib sa indibidwal.
 - Matinding kapansanan sa paghuhusga na nagreresulta sa mga mapanganib na sitwasyon na nagbabanta sa sariling buhay ng tao o sa buhay ng iba.
- Kinakailangang Pangangalagang Medikal: Dahil sa kalusugan ng pag-iisip at/o matinding sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal, kinakailangan ang hindi boluntaryong detensyon para maiwasan ang malubhang paglala ng isang kasalukuyang pisikal na kondisyong medikal na, kung hindi magagamot, ay malamang na magresulta sa malubhang pinsala sa katawan:
 - Ang mga babaeng buntis na may malubhang kapansanan sa isang sakit sa pag-iisip at/o matinding sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal, pagpapabaya sa pangangalaga sa sangol sa sinapupunan, follow-up na pangangalaga, walang tirahan, labis na paggamit ng kontroladong kemikal, madalas mabiktima at inilalagay sa panganib ang sanggol
 - Mga palatandaan ng makabuluhang malnutrisyon (pagbaba ng timbang o dehydration) na naglalagay sa kalusugan ng indibidwal sa matinding panganib.
 - Mga isyu sa pangangalaga sa sugat at impeksyon na malamang na mauwi sa pagkawala ng biyas o buhay kung hindi magagamot.

Ano ang 5150 na pag-hold?

Ang 5150 na pag-hold ay nagpapahintulot sa isang hindi boluntaryong 72-oras na psychiatric na detensyon para sa isang tao na maaaring maging mapanganib sa kanilang sarili, mapanganib sa iba, o may maatinding kapansanan.

Ang 5150 ay hindi isang kriminal na pagdakip.

Ang 5150 na pag-hold ay maaaring simulan ng isang pulis/opisyal ng kapayapaan, o ng isang taong inaprubahan ng Departamento ng Kalusugan ng Pag-iisip ng County ng Los Angeles at itinalaga bilang isang indibidwal na Awtorisado ng LSP. Ang taong napasailalim ng pag-hold ay maaaring ikulong at dalhin sa isang pasilidad para sa pagsusuri ng kalusugan sa pag-iisip at/o sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal, pero hindi nito pinahihintulutan ang hindi boluntaryong pag-inom ng gamot o medikal na paggamot.

Ang isang taong napasailalim sa pag-hold ay hindi rin kailangang maospital sa buong 72 oras. Matapos maituring na stable ang kliyente o matapos ang 72 oras, sila ay:

- Pinalabas na; o
- Tinanggap bilang isang boluntaryong pasyente para sa patuloy na paggamot; o
- Hindi boluntaryong na-hold sa ilalim ng ibang uri ng pag-hold

Ano ang itinuturing na "matinding" karamdaman sa paggamit ng kontroladong kemikal sa ilalim ng bagong batas?

Sa ilalim ng SB 43, Sa isang klinikal na tagpo, ginagamit ng isang clinician ang Diagnostic and Statistical Manual of Mental Disorders (DSM-5-TR) para tukuyin ang kalubhaan ng isang sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal. Gumagamit ang DSM-5-TR ng 11 na pamantayan na maaaring magmula sa karamdaman sa paggamit ng kontroladong kemikal.

- Matinding karamdaman sa paggamit ng kontroladong kemikal: Ang tao ay nagpapakita ng anim o higit pa sa mga pamantayan.
- Katamtamang karamdaman sa paggamit ng kontroladong kemikal: Ang tao ay nagpapakita ng apat hanggang limang pamantayan.
- Banayad na karamdaman sa paggamit ng kontroladong kemikal: Ang tao ay nagpapakita ng dalawa o tatlong pamantayan.

Ang mga pamantayan ay:

1. Paggamit ng mas marami o para sa mas mahabang panahon kaysa sa nilalayan.
2. Mga hindi matagumpay na pagsisikap na bawasan o huminto.
3. Labis na oras na ginugugol sa pagkuha, paggamit, pagkalango, at paggaling mula sa mga epekto.
4. Pagnanasa o Matinding pagnanais/simbuyo na gumamit ng kontroladong kemikal.
5. Pagpalyang tumupad ng mga pangunahing obligasyon.
6. Patuloy na paggamit sa kabila ng mga problemang panlipunan/interpersonal.
7. Nabawasan o tinalikdan ang mga aktibidad/libangan.
8. Paulit-ulit na paggamit sa mga pisikal na mapanganib na sitwasyon.
9. Paulit-ulit na paggamit sa kabila ng mga problemang pisikal o sikolohikal na dulot ng o pinalala ng paggamit.
10. Toleransiya.
11. "*Withdrawal*".

Sa field, ang isang indibidwal na awtorisado ng LPS ay gagawa ng pagpapasiya batay sa mga obserbasyon kung ang isang tao ay may malubhang sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal at magiging kwalipikado para sa 5150 na pag-hold sa ilalim ng bagong pinalawak na pamantayan.

Gayunpaman, ang mga indibidwal na Awtorisadong ng LPS na naglalagay ng mga tao sa 5150 na pag-hold para sa isang matinding karamdaman sa paggamit ng kontroladong kemikal **ay hindi gumagawa ng klinikal na diagnosis pero sa halip ay gumagawa ng pagpapasiya batay sa kanilang mga obserbasyon sa pangkalahatang pamantayan sa itaas.**

Anong uri ng mga pasilidad ang maaaring tumanggap ng isang tao para sa masinsinang paggamot na lampas sa 72 oras para sa malubhang kapansanan dahil sa isang matinding sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal lang?

Pagkatapos ng orihinal na 72-oras na pag-hold, kung napagpasyahan na ang kliyente ay nangangailangan ng karagdagang hindi boluntaryong paggamot para sa isang matinding sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal, maaari silang idirekta sa isa sa mga sumusunod: isang ospital sa pangkalahatang matinding pangangalaga na nagbibigay ng kinakailangang pangangalagang medikal at/o mga serbisyo sa pagpapagaling ng pagdepende sa kemikal bilang isang karagdagang serbisyo; isang matinding psychiatric na ospital na nagbibigay ng kinakailangang pangangalagang medikal at/o mga serbisyo sa pagpapagaling ng pagdepende sa kemikal bilang isang karagdagang serbisyo.

Paano kung ang aking mahal sa buhay ay nangangailangan ng paggamot sa kalusugan ng pag-iisip at/o paggamit ng kontroladong kemikal ngayon?

Makipag-ugnayan sa Linya ng Tulong ng L.A. County para sa Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip at Paggamit ng Kontroladong Kemikal sa (800) 854-7771. Maa-access din ang mga serbisyo sa paggamit ng kontroladong kemikal na pinondohan ng publiko sa pamamagitan ng online na direktoryo ng provider sa [SUDhelpLA.org](https://www.sudhelp.org).

**Para sa glosaryo ng mga katawagan kaugnay sa SB 43 at para tumingin ng listahan ng mga posibleng indicator at sintomas, mangyaring bumisita sa website ng LACDMH sa dmh.lacounty.gov/sb43 o i-scan ang QR code na ito*

